REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAAN LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
Telephone no. 861-0181/Fax: 862-6473
Email address: sangguniangpanlungsod2k19@gmail.com

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 2020-380

KAPASIYAHAN NA IPINAGKAKALOOB ANG AKREDITASYON NG GARDENIA KAPIT-BISIG MULTI-PURPOSE TRANSPORT SERVICE COOPERATIVE NA MATATAGPUAN SA 48 1ST ST., GARDENIA VALLEY, MOLINO 3, BACOOR CITY, CAVITE

****

Ipinanukala ni: ***Kgg. Kon. Ting Niefes***
Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro
Kgg. Kon. Alexson V. Diaz
Kgg. Kon. Paty Katy C. Boncayao
Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga
Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Kon. Ivee Rhia A. Tadefa
Kgg. Kon. Inhr. Marissa C. Rongavilla – via ZOOM
Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes
Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.
Kgg. Kon. Inhr. Arlene D. Hilapo
Kgg. Kon. Cornelio M. Martinez
Kgg. Kon. Kenichi D. Takagi, Jr.

****

SAPAGKAT, alinsunod sa Seksiyon 34 ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991, "tungkulin ng Lokal na Pamahalaan na itaguyod ang pagtatatag at operasyon ng mga pangmamamayan at di- pangpamahalaang samahan upang maging aktibong kasangga sa paghahangad ng lokal nan a awtonomiya";

SAPAGKAT, isinasaad ng Kautusang Panlungsod Bilang 01-024 na kinakailangang kumuha ng akreditasyon ang mga may-ari, namamahala at nagmamaneho ng mga pampublikong sasakyan na naghahanapbuhay sa loob ng Lungsod ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang **Gardenia Kapit-Bisig Multi-Purpose Transport Service Cooperative,** ay isang samahan na naglalayon ng serbisyong pang-transportasyon sa mga mamamayan na bumibyahe sa Lungsod ng Muntinlupa, matapos itong makakuha ng prangkisa sa **Land Transportation Office and Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB);**

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng akreditasyon sa **Gardenia Kapit-Bisig Multi-Purpose Transport Service Cooperative,** ay bilang pagkilala lamang ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa kanilang samahan, at hindi pagbibigay pahintulot upang maging ganap ang kanilang layunin ng walang mga kaukulang dokumentong ipinagkakaloob ang ***Land Transportation Office-Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB)*** para sa operasyon ng pangtransportasyong serbisyo;

SAPAGKAT, ang **Gardenia Kapit-Bisig Multi-Purpose Transport Service Cooperative,** ay sumasang-ayon, sumusunod at di lumalabag sa mga probisyon ng Ordinance No. 05-040 na inamyendahanng Ordinance No. 06-093 ng Sangguniang Panlungsod;

SAPAGKAT, ang samahan ay nagsumite ng kumpletong dokumento na hinihingi at kinakailangan ng nasabing ordinansa para sa akreditasyon;

NGAYON DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN AT MULING PINAGPASIYAHAN, ng 9th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa, na ipagkaloob ang akreditasyon ng ***Gardenia Kapit-Bisig Multi-Purpose Transport Service Cooperative,*** na matatagpuan sa **48 1st St., Gardenia Valley, Molino 3, Bacoor City, Cavite.**

ISO 9001:2008
YAN ANG TAMA YAN ANG MUNTINLUPA!